KBCF

# Bible Study

Small Group Session

## Mga Taga-Roma 6:1-14

November 06-12, 2022

Pagtuklas  Pag-unawa  Pagtugon



Walking in Newness of Life

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Pagtuklas

Pag-unawa

Pagtugon

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

## Patay sa Kasalanan Ngunit Buháy kay Cristo

1 Ano ngayon ang sasabihin natin? Patuloy ba tayong
magkakasala upang sumagana sa atin ang
kagandahang-loob ng Diyos? 2 Hinding-hindi! Tayo'y
patay na sa kasalanan, paano pa tayo mamumuhay sa
pagkakasala? 3 Hindi ba ninyo alam na tayong lahat
na nabautismuhan kay Cristo Jesus ay nabautismuhan
sa kanyang kamatayan?

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

4 Samakatuwid, tayo'y namatay na at nalibing na
kasama niya sa pamamagitan ng bautismo upang
kung paanong binuhay muli si Cristo sa pamamagitan
ng dakilang kapangyarihan ng Ama, tayo rin ay
magkaroon ng panibagong buhay.

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

5 Sapagkat kung nakasama tayo ni Cristo sa isang kamatayang katulad ng kanyang kamatayan, tiyak na tayo ay makakasama rin niya sa muling pagkabuhay na katulad ng kanyang muling pagkabuhay. 6 Alam natin na ang dati nating pagkatao ay naipako na sa krus kasama niya, upang mamatay ang ating makasalanang pagkatao at nang hindi na tayo maalipin pa ng kasalanan.

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

7 Sapagkat ang namatay na ay pinalaya mula sa
kapangyarihan ng kasalanan. 8 Kung tayo'y namatay
nang kasama ni Cristo, naniniwala tayong mabubuhay
rin tayong kasama niya. 9 Alam nating si Cristo na
muling binuhay ay hindi na muling mamamatay. Wala
nang kapangyarihan sa kanya ang kamatayan.

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

10 Nang siya'y mamatay, namatay siya nang minsanan
para sa lahat ng panahon dahil sa kasalanan; at ang
buhay niya ngayon ay para sa Diyos. 11 Kaya dapat din
ninyong ituring ang inyong sarili bilang patay na sa
kasalanan ngunit buháy para sa Diyos, sapagkat kayo'y
nakipag-isa na kay Cristo Jesus.

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

12 Huwag na ninyong paghariin ang kasalanan sa inyong
mga katawang may kamatayan upang hindi na ninyo
sundin ang masasamang hilig nito. 13 Huwag na ninyong
ipailalim sa kapangyarihan ng kasalanan ang alinmang
bahagi ng inyong katawan bilang kasangkapan sa paggawa
ng kasamaan. Sa halip, pasakop kayo sa Diyos bilang mga
taong namatay na at muling binuhay, at ihandog ninyo sa
kanya ang inyong katawan bilang kasangkapan sa
kabutihan.

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

Magandang Balita Biblia (MBBTAG)

14 Sapagkat hindi na dapat maghari sa inyo ang kasalanan, dahil kayo'y wala na sa ilalim ng kautusan kundi nasa ilalim ng kagandahang-loob ng Diyos.

"Sapagkat ako'y patay na sa kasalanan, mamumuhay ako ng matuwid kay Jesu Cristo"

**Mahalagang Prinsipyo**

*Sa Buhay*

Basahin ang talata 3 hanggang 7. Bakit itinuturing na patay sa kasalanan ang mga Kristiyano?

1 Pagtuklas

Mga Taga-Roma 6:1-14

Basahin ang talata 8 hanggang 11. Paano binuhay ang mga Kristiyano sa pamamagitan ni Jesu-Kristo?

Dahil itinuturing ni Pablo na ang mga tagasunod ni Jesus ay patay sa kasalanan at buhay sa Kristo, ano ang kanyang mga tagubilin at payo para sa bawat mananampalataya sa talata 12 at 13?

Upang masagot ang retorikal na tanong ni Pablo sa talata 1, Bakit dapat itigil ng mga Kristiyano ang gumawa ng kasalanan at sadyang itakwil ito?

1 **Pag-Unawa**

Mga Taga-Roma 6:1-14

# Ano ang ibig sabihin ng pagiging buhay kay Kristo para sa bawat mananampalataya?

2 **Pag-Unawa**

Mga Taga-Roma 6:1-14

Masasabi mo ba ng buong-buo na hindi ka na alipin ng kasalanan? Alamin at sabihin ang mga kasalanan sa iyong buhay na kailangan mo pang patayin. (halimbawa: pagmamataas, pagnanasa, tsismis, panlilinlang, kasakiman, inggit, takot, pagkamakasarili, hindi pagpapatawad, poot, rasismo, idolatriya, pagkagumon, kawalan ng pananampalataya, atbp.)

1 Pagtugon

Mga Taga-Roma 6:1-14

Anong mga konkretong hakbang ang maaari mong gawin upang masupil/makontrol ang iyong makasalanang kalikasan?

2 Pagtugon

Mga Taga-Roma 6:1-14

Yamang ikaw ay napalaya na mula sa pagkaalipin ng kasalanan sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, paano ka dapat mamuhay?

3 Pagtugon

Mga Taga-Roma 6:1-14

# MGA TAGA-ROMA 6:1-14

## Mahalagang Prinsipyo sa Buhay

Pagtuklas

Pag-unawa

Pagtugon

"Sapagkat ako'y patay na sa kasalanan, mamumuhay ako ng matuwid kay Jesu Cristo"

**Mahalagang Prinsipyo**

*Sa Buhay*


Small Group Sessions
PANGWAKAS NA PANALANGIN

# Bible Study

Small Group Session

## Mga Taga-Roma 6:1-14



November 13-19, 2022

*Pagtuklas  Pag-unawa  Pagtugon*

KBCF

Walking in Newness of Life


KBCF
#4 11th Jamboree Street, Sacred Heart, Quezon City, Philippines
Worship Service Schedule: 9am
Livestream: Facebook and YouTube
kbcf.org.ph
KBCFofficial
KBCFamily
kbcf.office@gmail.com
0917-886-6650
8927-7420 | 8928-6584